# Ang Talinghaga ng Mabuting Samaritano

## NOTES

## WARM-UP

- Paano mo ipinapakita sa ibang tao ang pangangalaga mo sa kanila?
- Ikuwento ang isang bagay na ginawa para sa iyo ng isang kaibigan o kamag-anak upang ipakita ang pangangalaga nila sa iyo.
- Ano ang ginagawa mo sa tuwing nakakakita ka ng taong nanghihingi ng tulong sa kalsada? Sa iyong palagay, bakit ito ang nagiging tugon mo?

**WORD**

*[25]Lumapit kay Jesus ang isang tagapagturo ng Kautusan*
*upang subukin siya. Nagtanong siya, "Guro, ano po ang*
*dapat kong gawin upang magkaroon ng buhay na walang*
*hanggan?" [26]Sumagot si Jesus, "Ano ang nakasulat sa*
*Kautusan? Ano ang nababasa mo roon? [27]Sumagot ang lalaki,*
*"Mahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso,*
*nang buong kaluluwa, nang buong lakas, at nang buong pag-*
*iisip. At mahalin mo ang kapwa mo tulad ng pagmamahal mo*
*sa iyong sarili." [28]"Tama ang sagot mo," sabi ni Jesus. "Gawin*
*mo iyan at magkakaroon ka ng buhay na walang hanggan."*
*[29]Pero ayaw mapahiya ng tagapagturo, kaya nagtanong ulit*
*siya, "At sino naman po ang kapwa ko?"* **LUCAS 10:25-29**

(Basahin din ang **LUCAS10:30-37**.)

---

Sa kwentong ito, nagtanong ang tagapaturo, "Sino ang kapwa ko?" upang mangatwiran. Subalit binaligtad ni Jesus ang tanong at ipinakita na ang tanong na ating dapat itanong ay: "Paano ako magiging isang mabuting kapwa?" Ipinakita ni Jesus na ang ating kapwa ay hindi lamang ang mga taong malalapit sa atin kung hindi kahit sino na kailangan ng ating tulong. Tulad ng pagkamatay ni Jesus para sa mga makasalanan at hindi tumanggap sa Kanya, tayo rin ay dapat na magpakita ng pagmamahal na gaya ng ipinakita Niya sa krus. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong paraan kung paano natin magagawang maging mabuting kapwa.

## 1 Magpakita ng pagkahabag.

*[30]Bilang sagot sa kanya, nagkwento si Jesus: "May isang taong papunta*
*sa Jericho galing sa Jerusalem. Habang naglalakad siya, hinarang*
*siya ng mga tulisan. Kinuha nila ang mga dala niya, pati na ang suot*
*niya. Binugbog nila siya at iniwang halos patay na sa tabi ng daan.*
*[31]Nagkataong dumaan doon ang isang pari. Nang makita niya ang*
*taong nakahandusay, lumihis siya at nagpatuloy sa kanyang paglalakad.*
*[32]Napadaan din ang isang Levita at nakita niya ang tao, pero lumihis din*
*siya sa kabilang daan at nagpatuloy sa kanyang paglalakad. [33]Pero may*
*isang Samaritanong naglalakbay na napadaan doon. Nakita niya ang*
*taong nakahandusay at naawa siya.* **LUCAS 10:30-33**

Pinili ng Pari at Levita na huwag makialam pero ang and Samaritano ay kumilos ayon sa kanyang naramdaman para sa taong nangangailangan. Sa kaparehong paraan, tayo ay tinawag ni Jesus upang magpakita ng awa sa ating kapwa. Tayo ay tinawag upang magmahal nang walang paghahalintulad. Sa iyong palagay, bakit ganoon ang naging tugon ng pari at Levita? Sa tingin mo bakit naging ganoon ang tugon ng Samaritano?

..........................................................................................

..........................................................................................

## 2 Pagsilbihan mo ang iyong kapwa.

*[34]"Nilapitan niya ang lalaki, hinugasan ng alak ang sugat, binuhusan ng langis at saka binendahan. Pagkatapos, isinakay niya ang tao sa sasakyan niyang hayop, dinala sa bahay-panuluyan at inalagaan doon. [35]Kinabukasan, binigyan ng Samaritano ng pera ang may-ari ng bahay panuluyan at sinabi, 'Alagaan mo siya at kung kulang pa iyan sa magagastos mo ay babayaran kita pagbalik ko.'"* **LUCAS 10:34,35**

Higit pa sa pagpapakita ng awa, tinulungan ng Samaritano ang lalaki ng lubos pa sa kailangan niyang gawin. Madalas na naaawa tayo sa ibang tao, subalit hindi natin ginagawa ang mga bagay na higit pa sa kung ano ang komportable tayong gawin. Tinuturuan tayo ni Jesus na huwag limitahan ang ating mga sarili gaya ng pagbigay Niya ng Kanyang sarili at pagkuha sa pagdurusa na para dapat sa atin. Tayo ay tinawag ni Jesus na tumulong nang hindi pinipigilan ang ating mga sarili. Balikan ang isang pagkakataon kung kailan may tumulong sa iyo ng higit pa sa inaasahan mo.

## 3 Magpakita ng awa.

*[36]"Nagtanong si Jesus sa tagapagturo ng Kautusan, sa palagay mo, sino sa tatlong ito ang nagpakita na siya ang tunay na kapwa-tao ng biktima ng mga tulisan." [37]Sumagot siya, "Ang tao pong nagpakita ng awa sa kanya." Sinabi sa kanya ni Jesus, "Lumakad ka at ganoon din ang gawin mo."* **LUCAS 10:36,37**

Maaring hindi pansinin ng Samaritano ang Hudyo. Ngunit, pinili niyang magpakita ng awa at tumigil siya upang tulungan ang lalaki na naiiba sa kanya at itinuring niya ito bilang kanyang kapwa. Katulad ng pagpapakita ng Diyos ng awa sa mga makasalanang tao sa pamamagitan ng pagkamatay ni Jesus, tayo ay tinawag upang maging mabuting kapwa sa tuwing tayo ay kakailanganin ng iba. Ano ang iniutos ni Jesus sa tagapagturo at sa lahat ng nakarinig ng Kanyang talinghaga?

## APPLICATION

- Ano ang natutunan mo sa talinghagang ito at paano mo ito maisasapamuhay?
- Ano ang mga bagay na kadalasan mong pinag-iisipan muna bago ka nagpapakita ng iyong pagmamahal at awa sa iba? Sa paanong paraan kailangan magbago ng iyong pagkaunawa sa utos ni Jesus na mahalin ang ating kapwa?
- Paano mo magagawang maging mabuting kapwa sa isang tao ngayong linggo? Ano ang gagawin, sasabihin, o ibibigay mo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa mga natutunan mo ngayon at ipanalangin na lumago sa puso mo ang awa ng Niya habang lumilipas ang linggong ito.
- Hingin sa Diyos ang mga pagkakataon na makapagpakita ng awa sa iba at maging isang pagpapala, gaya ng Samaritano.
- Hingin sa Diyos na ipakita Niya sa iyo ang pagmamahal Niya sa mga tao sa paligid mo. Ipanalangin na lahat ng makakasalamuha mo ngayong linggo ay makakakita sa larawan ng pagmamahal ng Diyos.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph